Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan - Module 7: Linggo 5

## Sa Maayos na Kaisipan, May Tamang Pagninilay



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Edukasyon sa Pagpapakatao – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan - Modyul 7: (Pagiging Mapanuri)
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – isip.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-isip sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Schools Division Superintendent: Rebonfamil R. Baguio

**Development Team of the Module**

**Authors:** Emelie A. Cabugwas

**Editor:** Maria Fe C. Tayong

**Reviewers:** Jane C. Agpalza
Janette P. Cabaya
Phebe S. Antiquina, PSDS

**Illustrator:** Julius T. Bucar

**Layout Artists:** John Rimmon I. Taquiso

**Management Team:**
Chairperson: Rebonfamil R. Baguio
*Schools Division Superintendent*

Co-Chairperson: Eugene I. Macahis, Jr.
Asst. Schools Division Superintendent

Members: Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES
Yeseluycio N. Patriarca Jr, EPS- EsP
Analisa C. Unabia, EPS – LRMS
Joan Sirica V. Camposo, Librarian II
Israel C. Adrigado, PDO II

Inilimbag sa Pilipinas ng:
Department of Education - Division of Valencia City
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 1 - Modyul 7: Linggo 5

## Sa Maayos na Kaisipan, May Tamang Pagninilay

Ang kagamitan sa pagkatutong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa mga pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng Edukasyon na mag-email ng kanilang puna, komento at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

*(This page is intentionally blank)*

## *Ano ang Modyul na ito*

Ang modyul na ito ay inihanda upang magbigay gabay sa mga mag-aaral na maunawaan at mapagnilayan ang makatotohanang pagkalap ng mga impormasyon batay sa programang pantelebisyon, nababasa sa internet at social networking sites. Ang mga pagsasanay na nilalaman nang modyul na ito ay para sa ikalimang linggo ng unang markaha***n.***



### *Mga tala para sa Guro*

Maihanda ang mga mag-aaral sa makatotohanang pagbabalita gamit ang ibat-ibang makabagong teknolohiya.

## *Alamin*

Naisasagawa nang may mapanuring pag-iisip ang tamang pamamaraan/ pamantayan sa pagtuklas ng katotohanan

Layunin sa Pagkatuto:




Nakapagninilay-nilay ng katotohanan batay sa mga nakalap na impormasyon mula sa mga napanood na programang pantelebisyon, nababasa sa internet at social networking sites.


## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

## *Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa iyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin |
|  | Suriin | Ito ay pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang inyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang inyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

Ang mga nababasa at napanonood sa internet o social networking sites ay mga impormasyong nakatutulong upang malaman ang mga pangyayari sa loob at labas ng bansa.

Panuto: Sagutin ang tanong at piliin ang wastong sagot sa pamamagitan ng paglalagay ng tama o mali.

Paano nakaaapekto sa iyong kaisipan at damdamin ang mga nakalap na impormasyon sa napanood na programang pantelebisyon, nababasa sa internet at social networking sites?

| | Tama / Mali |
|---|---|
| 1. Nagiging batayan sa pagdedesisyon | |
| 2. Nadadagdagan ang kaalaman | |
| 3. Pakikialam sa buhay ng iba | |
| 4. Nakapag-iisip ng tama | |
| 5. Natutong mag-isip ng masama sa kapwa | |
| 6. Panglalamang sa kapwa | |
| 7. Pakikipag-away sa kapwa | |
| 8. Nagiging inspirasyon | |
| 9. Nagbibigay gabay upang maging maingat | |
| 10. Nagiging handa | |

# Leksyon 1 Sa Maayos na Kaisipan, May Tamang Pagninilay

Ang mga napapanonood na balita sa telebisyon at nababasa sa mga social networking site ay mga impormasyong maaaring makatulong, makabuti o magbigay pangamba sa mga manonood o tagapakini*g.*

Ugaliing maging mapanuri sa bawat balitang nakakalap upang mailahad itong muli ng maayos  sa iba. Ang responsableng paglalahad ng impormasyon na narinig o nabasa ay makatutulong upang mabatid ang mga pangyayaring kailangang mabigyan pansin.



## *Balikan*

Basahin at unawain.

Nanonood ng telebisyon si Kate at ito ang laman ng balita.

Balitang Lokal

Ang pagkatok sa pintuan ng bahay ay isang senyales na mayroon kang bisita. Taliwas ito sa mga kaganapan sa isang barangay na kung saan ang mga bahay ay kinakatok sa kalaliman ng gabi. Kadalasang nasa mahimbing na pagtulog ang mga tao sa oras na ito. May mga nakasaksi at nakaririnig ng pangangatok subalit sa takot ay pinipili na lamang nilang manahimik. Gumawa ng hakbang ang kapitan ng barangay at napag-kaisahang mag salitan ng pagbabantay. Sa ginawang hakbang nakampante ang mga tao at nahinto ang gawaing ito.

Panuto: Sagutin ang mga tanong at piliin sa loob ng kahon ang wastong sagot. Titik lamang ang isulat sa patlang.

__1. Tungkol saan ang balitang napanood ni kate?
__2. Anong hakbang ang ginawa ng kapitan ng barangay upang maibsan ang takot ng mga tao?
__3. Ano ang kabutihang dulot ng ginawang hakbang ng kapitan?
__4. Kung ikaw si kate ano ang iyong mararamdaman pagkatapos mong mapanood ang balita?
__5. Bilang nakapanood ng balitang ito paano mo sasabihin ang impormasyong ito sa paraang hindi makapagdudulot ng takot?

A. Matatakot at mababahala
B. Pagkatok sa bahay sa dis oras ng gabi
C. Salitang pagbabantay
D. Nahinto ang pangangatok
E. Ate, kuya dapat po tayong mag-ingat lalo na sa gabi



## *Tuklasin*

Maging mapanuri sa mga napapanood, naririnig na balita upang makapaghanda sa anumang kapahamakan.

Basahin ang usapan.

Isang araw ang magkaibigang sina Emelie at Marilou ay nag-uusap. Pinag-uusapan nila ang napanood sa telebisyon at nabasang impormasyon sa internet tungkol sa sitwasyon ng bansa sa pagbubukas ng klase kahit may pandemya.

Marilou: Napanood mo ba kagabi ang balita tungkol sa pagbubukas ng klase?

Emelie: Ah.. oo pati sa social media viral nga eh.. dapat na nga ba? Ako ay nangangamba na baka tayo ay mahawa.

Marilou: Kaya nga, pero ang sabi ng presidente walang bakuna walang klase, pero sabi ng DepEd on line daw. Paano na yan hirap ng signal dito at ang cellphone ko keypad. Hayyyy. Samot saring opinyon ang iyong nababasa sa internet at napapanood sa telebisyon. Hati ang opinyon ng bawat isa.

Emelie: Ang hirap hindi nga tayo mahahawa pero mahihirapan tayong makipagsabayan sa online learning na yan. Titigil na lang muna ako. Saka nalang pag wala nang COVID 19. Ikaw? Naapektuhan na din ako ng nababasa at napapanood ko.

Marilou: Parang pareho tayo ng desisyon. Naapektuhan talaga ako ng napapanood sa telebisyon at mga nababasa ko sa internet. Kailangan nating timbangin ang bawat sitwasyon upang tayo ay makapagdesisyon nang maayos. Sige na uwi na ako, bye

Emelie: Bye



## *Suriin*

Makatotohanang pagbabalita ang hangad ng bawat isa ngunit kung minsan ay hindi natin lubusang maunawaan ang mga detalye ng mga pangyayari. Unawain, intindihin ang nababasa at napapanood.

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang pinag-uusapan ng magkaibigan?

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Ano ang dahilan ng pag-aalala ni Marilou?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Nagkaroon ka na ba ng pagkakataong hindi ka naniwala sa balitang iyong napapanood sa telebisyon, nababasa sa internet at social networking sites? Ipaliwanag ang dahilan.

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Kung ikaw ang tatanungin ano ang iyong desisyon? Bakit?

_______________________________________________

_______________________________________________

5. Paano mo masasabi na ikaw ay nagiging mapanuri sa mga balitang iyong napapanood sa telebisyon, nababasa sa internet at social networking sites? Ipaliwanag.

_______________________________________________

_______________________________________________



## *Pagyamanin*

Suriing mabuti ang mga programang ipinalalabas sa telebisyon, nababasa sa internet at social networking sites bago paniwalaan.

Panuto: Kompletuhin ang talaan sa ibaba

| | Halimbawa ng mga impormasyong nakukuha sa |
|---|---|
| Facebook | |
| Dokumentaryo | |
| Google | |
| Sine Eskwela | |
| Radio Bombo | |




## *Isaisip*

May mga balita na nagbibigay ng tamang impormasyon upang lalong mapalawig ang kaalaman ng mga nagbabasa o nakikinig.

Panuto: Magsulat ng isang balitang makatotohanan na iyong napanood sa telebisyon, nabasa sa internet at social networking sites.


Rubriks:
5- Maayos na paglalarawan at pagkakabuo ng talata
4- Hindi maayos ang paglalarawan at pagkakabuo ng talata
3- Hindi malinaw na pagpapaliwanag sa paksa
2- May mga mali sa baybay at wastong gamit ng bantas
1- Mahirap unawain at basahin



## *Isagawa*

Nadaragdagan ang iyong karanasan sa pagkakaroon ng bukas na isipan sa tulong ng media tulad ng radyo, pahayagan, internet, social networking sites, at telebisyon.

Panuto: Punan ang loob ng hugis ng iyong mga napanood na programang pantelebisyon, social networking sites at internet.





## *Tayahin*

Kadalasang apektado ang kaisipan at damdamin sa mga nakalap na impormasyon sa panonood ng mga programang pantelebisyon, nababasa sa internet at social networking sites na kalimitang nagdudlot ng pagkabahala sa atin.

Panuto: Sagutin ang tanong at piliin ang wastong sagot sa pamamagitan ng paglalagay ng tama o mali.

Paano nakaaapekto sa iyong kaisipan at damdamin ang mga nakalap na impormasyon sa napanood na programang pantelebisyon, nababasa sa internet at social networking sites?

| | Tama / Mali. |
|---|---|
| 1. Nagiging maingat | |
| 2. Nagsisilbing gabay sa pagkilos ng tama | |
| 3. Panghihimasok sa buhay ng iba | |
| 4. Pakikipagtalo sa kapwa | |
| 5. Nagbibigay kaalaman | |
| 6. Nagbibigay ng karagdagang impormasyon | |
| 7. Pagtatama sa maling gawi | |
| 8. Nagiging mapanuri | |
| 9. Pag-iisip ng masama sa kapwa | |
| 10. Gawing totoo ang haka-haka | |

## *Karagdagang Gawain*

Suriin, intindihin at pagnilayan ang bawat balitang makatotohanan o hindi.

Panuto: Kulayan ng berde ang pana na may makatotohanang balita o patalastas

**Ang COVID 19 ay nagmula sa CHINA.**

**Mabisang gamot sa COVID 19 ang balut.**

**Ang COVID 19 ay isang virus.**

**Nakapagpapababa ng dugo ang pag inom ng gatas.**

**Lahat ng nawalan ng hanapbuhay ay binigyan ng pera.**

**Ang sikat ng araw ay nagbibigay ng bitamina D**

**Bawal lumabas ng walang mask.**

**Mas marami ang gumaling sa COVID kesa namatay.**

**Mahal magkasakit.**

**Pangunahing pagkain ng mga Pilipino ay bigas.**

## *Susi sa Pagwawasto*

| |
|---|
| Subukin |
| 1. kampanya laban covid 19 |
| 2. information drive |
| 3. stay at home |
| 4. Ang mga programa ay epektibo dahil dumami ang gumaling |
| 5. opo, mas marami ang gumagaling kaysa namamatay |

| |
|---|
| Balikan |
| 1. B |
| 2. C |
| 3. D |
| 4. A |
| 5. E |

| |
|---|
| Suriin |
| 1. Ang pagbubukas ng klase kahit may pandemya. |
| 2. Internet connection at ang kanyang cellphone. |
| 3. Opo, kung minsan ang mga balita at impormasyon ay di-makatotohanan. |
| 4. Depende po sa sitwasyon, mas gusto ko po itong gawaing bigay ni ma'am |
| 5. Tukuyin ang impormasyong nkalap kung totoo o hindi. |

| |
|---|
| Isaisip |
| Hindi magkakapareha ang sagot ng mga bata. Nasa guro ang pagbibigay ng kaukulang puntos gamit ang rubriks. |
| |
| |
| |

| Karagdagang Gawain (Kulay Berde) |
| --- |
| 1. Ang covid 19 ay nagmula sa CHINA. |
| 2. Ang covid 19 ay isang virus. |
| 3. Ang sikat ng araw ay nagbibigay ng bitamina D |
| 4. Bawal lumabas ng walang mask. |
| 5. Mas marami ang gumaling sa covid kesa namatay. |
| 6. Mahal magkasakit. |
| 7. Pangunahing pagkain ng mga Filipino ay bigas. |

| Tayahin |
| --- |
| 1. Tama |
| 2. Tama |
| 3. Mali |
| 4. Tama |
| 5. Mali |
| 6. Mali |
| 7. Mali |
| 8. Tama |
| 9. Tama |
| 10.Tama |

| Isagawa |
| --- |
| Hindi magkakapareha ang sagot ng mga bata. Nasa guro ang pagbibigay ng kaukulang puntos. |
| |
| |

## *Sanggunian:*

Abac, F.E. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Amoyen, G.A. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Antiquiera, J.M. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4.Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Bringas, H.A. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon.Kagawaran ng Edukasyon

Capati, G. R. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Caraan, MC. M. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaaran ng Edukasyon

Castillo, R.A. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Catapang, R.B. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Gonzales, I. M. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Gulapa, J.B. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Ortega, N. S. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Pandino, M. D. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Reyes, A. M. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Soriano, P. R. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

For inquiries and feedback, please write or call:

Department of Education – Division of Valencia City

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615